# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 60*
# *Mula sa Buhay ni Jonas Yugo 2*
# *Ang pagaayuno ni Jonas*

***“1 Nang magkagayo'y nanalangin si Jonas sa PANGINOON niyang Dios mula sa tiyan ng isda.2 At kaniyang sinabi, Tinawagan ko ang PANGINOON dahil sa aking pagdadalamhati, At siya'y sumagot sa akin; Mula sa tiyan ng Sheol ako'y sumigaw, At iyong dininig ang aking tinig.3 Sapagka't inihagis mo ako sa kalaliman, sa gitna ng dagat, At ang tubig ay nasa palibot ko; Ang lahat ng iyong alon at lahat ng iyong malaking alon ay umaapaw sa akin.4 At aking sinabi, Ako'y nahagis mula sa harap ng iyong mga mata; Gayon ma'y titingin ako uli sa iyong banal na templo.5 Kinukulong ako ng tubig sa palibot hanggang sa kaluluwa; Ang kalaliman ay nasa palibot ko; Ang mga damong dagat ay pumilipit sa aking ulo.6 Ako'y bumaba sa mga kaibaibabaan ng mga bundok; Ang lupa sangpu ng kaniyang halang ay tumakip sa akin magpakailan man: Gayon may isinampa mo ang aking buhay mula sa hukay, Oh PANGINOON kong Dios.7 Nang ang aking kaluluwa ay nanglupaypay sa loob ko; naaalaala ko ang PANGINOON; At ang aking dalangin ay umabot sa loob ng iyong banal na templo.8 Ang nagsisilingap ng mga walang kabuluhang magdaraya Binabayaan ang kanilang sariling kaawaan.9 Nguni't ako'y maghahain sa iyo ng tinig ng pasasalamat; Aking tutuparin yaong aking ipinanata. Kaligtasa'y sa PANGINOON. 10 At ang PANGINOON ay nagsalita sa isda, at iniluwa si Jonas sa tuyong lupa." (Jonas 2:1-10)***

Nang si Jonas ay sumuway sa Dios at umalis sa pamamagitan ng barko papuntang Tarsis, ang Panginoon ay nagpadala ng isang malakas na hangin laban sa barko at pinilit ang mga tao na itapon si Jonas sa dagat upang ang hangin at ang dagat ay tumahimik. Pagkatapos niyon ang Panginoon ay naghanda ng isang dambuhalang isda na lumulon kay Jonas. At siya namalagi sa tiyan ng dambuhalang isda ng tatlong araw at tatlong gabi. ***“17 At inihanda ng Panginoon ang isang malaking isda upang lamunin si Jonas; at si Jonas ay napasa tiyan ng isda na tatlong araw at tatlong gabi.” (Jonas 1:17 KJV)*** Malamang siya ay nag ayuno sa panahong yaon sapagkat walang pagkain doon sa tiyan ng malaking isda.

Sa kapaligirang yaon si Jonas ay nanalangin sa Panginoon, ***“1 Nang magkagayo'y nanalangin si Jonas sa Panginoon niyang Dios mula sa tiyan ng isda.” (Jonas 2:1 KJV)*** Saanmang lugar ka naroon at sa anumang oras ang Dios ay handa upang dinggin ang iyong pag iyak at ang iyong panalangin. Ang Dios ay nandyan palagi para sa iyo kapag lumapit ka sa Kanya sa pagsisisi sa iyong mga kasalanan at sa iyong pagkukulang. Ang pangunahing mahalagang bagay para sa panalangin ay nais ng Dios sa iyo na magkaroon ng mabuting kaugnayan sa Kanya sa pamamagitan ni JesuCristo na ating Panginoon at yaon ay maaring dumating kapag ikaw ay handang magsisi sa iyong mga kasalanan at lumayo mula sa iyong maling mga gawain.

***“2 At kaniyang sinabi, Tinawagan ko ang PANGINOON dahil sa aking pagdadalamhati, At siya'y sumagot sa akin; Mula sa tiyan ng Sheol ako'y sumigaw, At iyong dininig ang aking tinig.” (Jonas 2:2 KJV)*** Sa kanyang panalangin si Jonas ay umiyak sa Dios dahil siya ay nasa matinding kaguluhan at sa kagipitan, sapagkat siya'y nilamon ng malaking isda at hindi alam kung siya'y mabubuhay o maliligats sa pagsubok na yaon. Tayo ay matututo dito na sa pagkabalisa at sa ating kagipitan tayo'y umiiyak sa Dios upang iligtas tayo mula sa alinmang kaguluhan na ating pinagdaraanan at doon ay nanganganib ang ating buhay. Dininig ng Dios ang pagtangis ni Jonas at panalangin sa tiyan ng malaking isda. Sinabi ni Jonas, ***“mula sa tiyan ng Sheol ako'y sumigaw.”*** Ang mga kaguluhan na ating pinagdaraanan at mga panganib na tayo ay nakalantad at pagbabanta na mawala ay ang bukana ng impierno na ginawa laban sa simbahan ng Dios. Kaya naman kailangan nating umiyak sa Dios sa ating pagkabalisa sapagkat Siya lamang ang may kayang magligtas sa atin mula sa ganoong kalamidad gaya ng Kanyang ipinangako sa atin sa Kanyang Salita na ang pintuan ng impierno ay hindi mananaig laban sa Simbahan ng Dios, ***“18 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.” (Mateo 16:18 KJV)*** Kaya dito ang malaking isda na ibinigay ng Dios ay upang magpakumbaba si Jonas at sa kanyang pagmamataas ay isinasaalang alang na bahagi ng impierno, at ibig sabihin kapag si Jonas ay sumuway sa Dios at tumakbo palayo mula sa katawagan ng Dios sa kanyang buhay inilalagay niya ang kanyang sarili sa panganib ng impierno. Ang pagsuway ni Jonas ay naglagay sa kanya sa ilalim ng banta ng impierno at ng kapangyarihan ng kadiliman. Sinabi ni Jonas, ***“Tinawagan ko ang Panginoon dahil sa aking pagdadalamhati.”*** Ang dahilan ng pagdadalamhati ni Jonas ay sa kanyang pagsuway sa Dios. * Maraming mga manggagawa at mga tinawag ng Dios upang maglingkod sa Kanya sila'y nasa ilalam ng pagdadalamhati sapagkat sila'y sumuway sa Dios at dahil ginagawa nila ang kanilang kagustuhan. Kapag ginawa mo ang pansarili mo, sa gayon ilagay sa iyong isip na ilalagay ka ng Dios sa ilalim ng ganoong mga pagsubok upang disiplinahin ka at magpakumbaba ka gaya ng ginawa Niya kay Jonas.

Ako'y lubos na naniniwala, kahit ngayon, ang Panginoon ay matapang sa Kanyang pagdidisiplina at poot laban sa ganyang mga manggagawa na sumuway sa Dios at isinantabi ang misyon at gawain na ipinagkatiwala Niya sa kanila upang gawin.

Inilagay ng Diyos si Jonas sa ganoong stwasyon, ng tatlong araw at tatlong mga gabi, na siya ay nasa ilalim ng banta ng kamatayan sa anumang oras, kadiliman, pagaayuno, kasindakan, walang tulog, walang pagkain, kakilakilabot na pakiramdam, at masakit na mulat sa Dios, upang turuan siya ng isang aral na huwag ilagay ang Dios sa kanya likuran.

Ang Panginoo'y maaring ilagay ka sa ganoong pangyayari, gaya ng pinaglagayan Niya kay Jonas, na kahit ayaw mong kumain upang magpakumbaba ka at turuan ka ng iyong aral, at upang para sa iyo’y magsisisi at bumalik sa Dios. Samakatuwid, gamitin ang ganoong pagkakataon; mag-ayuno na mya katangian ng pagsisisi at bumalik sa Dios, na makalalabas ka mula sa kaguluhan na ikaw ay naroroon.

***"3 Sapagka't inihagis mo ako sa kalaliman, sa gitna ng dagat, At ang tubig ay nasa palibot ko; Ang lahat ng iyong alon at lahat ng iyong malaking alon ay umaapaw sa akin." (Jonas 2:3 KJV)*** Sinabi ni Jonas sa Dios na inihagis Niya ako sa kalaliman, sa kalagitnaan ng dagat, pinalibutan siya ng mga baha, at ang alon ng dagat ay humampas sa kanya. Ano pagkatapos ang aasahan ni Jonas mula sa Dios na gawin sa kanya? Si Jonas kahit sa mga lalaki ng barko ay kinuha siya at itinapon sa dagat; hanggang sa puntong ito at siya ay hindi handang nagsisi, siya ay masamang patotoo kahit sa hindi mananampalataya at inilagay ang Dios sa pagsubok, kaya naman pinalo siya ng Dios sa ganoong paraan.

Ako'y may karanasan sa mga tao na kilala ang Panginoon at patuloy sila'y gumagawa ng kasalanan, at nang akin silang hinarap at sinabi sa kanila na ang iyong kasalanan ay magdadala sa iyo sa impierno, sila'y sumagot at sinabi ito ay mabuti para sa kanila, hanggang sa puntong ito inilalagay nila ang Dios sa pagsubok, kaya naman ang Panginoon sa Kanyang malupit na poot ng pagdidisiplina sa ganyang mga manggagawa at turuan sila ng isang aral na huwag lapastanganin ang Dios.

Gagawin ng Panginoon ang katulad sa iyo kung ikaw ay patuloy sa iyong pagmamataas, pagsuway, at pagtakas mula sa pagtawag ng Dios sa iyong buhay.

Patuloy ding hahayaan ng Dios ang ganoong mga pagsubok na dumaaan sa buhay ng mga tao, dahil marami sa kanila ay hindi napagtatanto na gagawin ng Dios ang ganoon maliban kung sila'y dumaan doon, kaya naman hinayaan ng Dios ang ganyang mga tao upang dumaan sa masakit na karanasan habang sila'y buhay upang sila'y magsisi, bago sila mamamatay at pumunta sa impierno.

***"4 At aking sinabi, Ako'y nahagis mula sa harap ng iyong mga mata; Gayon ma'y titingin ako uli sa iyong banal na templo." (Jonas 2:4 KJV)***

***At aking sinabi, Ako'y nahagis mula sa harap ng iyong mga mata;*** ang sinabi ni Jonas ay tama na siya'y inihagis mula sa paningin ng Dios at yaon ang kinahantungan ng kanyang ginawa sapagkat siya mismo ang nagpakilos sa Dios upang disiplinahin siya sa ganoong paraan. Pagtantuhin ngayon na ang lahat ng iyong pinagdaraanan mula sa kahirapan at kalamidad, mga pagkawala, at masakit ay ang bunga ng gawa ng iyong laman na nagpakilos sa Dios upang disiplinahin ka sa ganoong paraan. Sa ganitong paraan ng pagiisip ay gagawa ng daan sa iyo upang magsisi at bumalik sa Dios.

***Gayon ma'y titingin ako uli sa iyong banal na templo.*** Narito si Jonas ay gumawa ng malinaw na pahayag na nagpapakita ng isang ebidensya ng kanyang pagsisisi. Dito si Joans ay nagdesisyong tuminging muli patungo sa templo ng Dios sa Jerusalem. Ang banal na templo ay ang lugar na itinalaga ng Dios para sa mga Judio upang sumamba, upang pumunta sa lugar na yaon tatlong beses kada taon sa kanilang mga kapistahan, at yaon ang lugar ang itinalaga para sa kanila upang dalhin ang lahat ng nais nilang ibigay o ihandog sa Dios. Si Jonas ay isang propeta na pinatotohanan sa Hilagang Kaharian, at alam natin na ang Hilagang Kaharian ay nahahati mula sa Katimugang Kaharian kung saan ang banal na templo ng Dios ay nakalagay, ngunit kahit sa ganon ang mga Judio ay kinakailangan pa rin ng Dios na pumunta at sambahin Siya sa lugar na yaon. Kaya napagtanto ni Jonas dito na habang siya ay malapit ng mamatay at sa kakila-kalibaot na sitwasyon na kailangan niyang bumalik sa Dios, na bumalik sa templo ng Dios at sa mga kautusan ng Dios.

Sa mga umalis sa Dios sa paglisan sa simbahan ng Dios ay kinakailangan ng Dios ang pagbabalik sa Kanya na kailangan nilang bumalik sa Kanyang simbahan kung saan sila'y tinuruan ng Salita ng Dios at kautusan ng Dios at tuparin ang mga ito sa Dios.

Gayon ma'y titingin ako uli sa iyong banal na templo. Si Jonas sa kanyang pahayag ay nais gawin ang mga bagay na tama sa Dios dahil gagawa siya ng mabuting bagay sa templo ng Dios. Sa parehong paraan silang mga mga lumayo sa Dios, sa gayon kailangan nilang gumawa ng mga bagay na mabuti sa Diyos bilang pagbalik nila at gumawa ng tamang mga bagay sa simbahan na kaniyang inalisan.

***"5 Kinukulong ako ng tubig sa palibot hanggang sa kaluluwa; Ang kalaliman ay nasa palibot ko; Ang mga damong dagat ay pumilipit sa aking ulo. 6 Ako'y bumaba sa mga kaibaibabaan ng mga bundok; Ang lupa sangpu ng kaniyang halang ay tumakip sa akin magpakailan man: Gayon may isinampa mo ang aking buhay mula sa hukay, Oh Panginoon kong Dios." (Jonas 2:5-6 KJV)*** Narito si Jonas ay nagpatuloy sa kanyang pahayag at sa kanyang pinagdaraanan, na ang tubig ay umabot halos upang kunin ang kanyang kaluluwa, at siya'y umabot sa kalaliman ng pinaka malalim, sa kaibababaan ng bundok, siya ay halos inilibing sa lupa, ang damong dagat ay binalot sa kanyang ulo, at itinuring na patay. Ngunit sinabi ngayon ni Jonas sa Dios, ***"O Panginoong kong Dios." (Jonas 2:6 KJV)*** Narito nakita ni Jonas ng malinaw, na iniligtas ng Dios ang kanyang buhay at hindi hinayaan na ang kanyang katawan ay mamatay at mawasak, at yaon ay panibagong tanda ng pagsisisi pagkilala sa mabubuting bagay na kanyang tinanggap mula sa Dios habang siya ay dinidisiplina ng Dios. Sinabi pa ni Jonas, ***"O PANGINOON kong Dios"*** na ibig sabihin na muli niyang pinahihintulutan ang Dios na maging tagapamala ng kanyang buhay at siya ay pamamahalaan ng Dios.

Sinabi ni Jonas, ***"ang kalaliman ay nasa palibot ko; Ang mga damong dagat ay pumilipit sa aking ulo." (Jonas 2:5 KJV)*** Si Jonas ay pinilit mag-ayuno sa tiyan ng isda, sapagka't ang damong dagat ay bagay lamang na nasa paligid niya na bagay na hindi makakain.

Nakikita mo ba ngayon ng malinaw ang mabubuting bagay na ibinibigay sa Iyo ng Dios habang dinidisiplina ka Niya, sinasaway ka sa iyong maling mga paraan ng buhay at sa pagtalikod mula sa Kanyang pagtawag sayo upang paglingkuran Siya? Pinahahalagahan mo ba na kahit sa oras na ito iniligtas ng Dios ang iyong buhay at hindi ka pa patay upang ikaw ay mayroong pa ring pagkakataon upang magsisi? Maari mo bang sabihin sa Dios gaya ng iniiyak ni Jonas, ***"O PANGINOON kong Dios."***

***"7 Nang ang aking kaluluwa ay nanglupaypay sa loob ko; naaalaala ko ang Panginoon; At ang aking dalangin ay umabot sa loob ng iyong banal na templo." (Jonas 2:7 KJV)***

Sinabi dito ni Jonas, Nang ang aking kaluluwa ay nanglupaypay sa loob ko; naaalaala ko ang Panginoon; Sa ganoon kanyang ipinagtapat na siya'y taong matigas ang ulo na naalala niya ang Dios nang ang kanyang kaluluwa ay malapit ng mamatay. Sa sandaling iyon lamang siya nananalangin sa Dios at handang magpakumbaba. * Huwag tumulad kay Jonas, magpakumbaba, at huwag matigas ang ulo, sapagkat hindi mo alam kung bubuhayin ka ng Dios habang ikaw ay nasa ilalim ng Kanyang paghatol.

***"Alalahanin mo rin naman ang Maylalang sa iyo sa mga kaarawan ng iyong kabataan, bago dumating ang mga masamang araw, at ang mga taon ay lumapit, pagka iyong sasabihin, Wala akong kaluguran sa mga yaon;" (Mangangaral 12:1 KJV)*** *Alalahanin mo rin naman ang Maylalang sa iyo sa mga kaarawan ng iyong kabataan, habang ikaw ay malakas, habang ikaw ay wala sa pagsubok, at bumalik sa Kanya at sa Kanyang simbahan at gawin kung ano ang tama at matuwid at maging mabuting halimbawa sa iba.

***"8 Ang nagsisilingap ng mga walang kabuluhang magdaraya Binabayaan ang kanilang sariling kaawaan." (Jonas 2:8 KJV)*** Dito naabot ni Jonas ang tamang kapasyahan na kailangan mong ingatan ito, na sa mga sumusunod at iniingatan ang kasiyahan at makamundong mga bagay sa kanilang buhay ay nasa panganib ng kaguluhan at sa ganon ay pinapabayaan ang kanilang sariling kaawaan. Sinabi rin ni Jesus sa Kanyang mga disipolo ang sumusunod nang sinubukan ni Pedro na pigilan siya sa pagpunta sa paghihirap: ***"24 Nang magkagayo'y sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin. 25 Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon." (Mateo 16:24-25 KJV)*** Si Jonas ay ayaw magdusa, Bumigay si Jonas sa kanyang galit at pagmamataas, sumunod si Jonas sa Kanyang sariling kaunawaan at hindi sa Dios, ayaw magpatawad ni Jonas, inalagaan ni Jonas ang sama ng loob sa kanyang puso, nais ni Jonas na palayawin ang kanyang sarili sa paglalakbay sa barko sa Tarsis, kabaligtaran sa direksyon na ipinadala sa kanya ng Dios sa Nineve, ngunit ngayon makikita mong malinaw saan siya ngtapos? Sa tiyan ng impierno, sa tiyan ng malaking isda, sa mga baha, sa alon ng dagat, sa kaibabaaan ng bundok, ang dakilang paghatol ng kapaligiran! Nais mo bang nandoon at pagdaanan ang ganoon? Nais mo bang pabayaan ang iyong kaawaan o sa halip ay magsisi at bumalik sa Dios at magsimulang maglingkod sa Kanya?

Ang kamunduhan ay aalisin ka mula sa Dios at mula sa Kanyang serbisyo at kailangan mong talikuran ang lahat ng mga kadahilanan na humihila sa iyo mula sa Diyos at mula sa Kanyang simbahan at mula sa paglilingkod sa Dios. ***"15 Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama. 16 Sapagka't ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. 17 At ang sanglibutan ay lumilipas, at ang masamang pita niyaon; datapuwa't ang gumagawa ng kalooban ng Dios ay nananahan magpakailan man." (1 Juan 2:15-17 KJV)*** Huwag hayaan ang makamundong kasiyahan at ang materyal na mg bagay sa buhay na ito ang mag-alis sa iyo sa Dios. Huwag hayaan ang pangarap ng edukasyon, ang pangarap ng pandarayuhan, maling pagaasawa, o makasalanang estilo ng pamumuhay ang mag-aalis sa iyo sa Dios.

Inulat ni Pablo ang tungkol sa isa sa kanyang manggagawa na ang pangalan ay Demas na iniwan siya, ***"10 Sapagka't ako'y pinabayaan ni Demas, palibhasa'y iniibig niya ang sanglibutang ito, at napasa Tesalonica; si Crescente ay napasa Galacia, at si Tito ay sa Dalmacia." (2 Timoteo 4:10 KJV)*** Huwag gumaya sa ganoong halimbawa ng mga tao na nilisan ang Dios at Kanyang ministerio at ang kanilang kaligtasan ay katanungan at kanilang mga pangalan ay maaring mabura sa mula sa aklat ng buhay, ngunit sa halip patuloy magbigay pansin sa mga tapat na nanatili sa Dios at patuloy na naglilingkod sa Kanya at patuloy na sumusunod sa Kanyang kalooban at sa Kanyang plano.

***"9 Nguni't ako'y maghahain sa iyo ng tinig ng pasasalamat; Aking tutuparin yaong aking ipinanata. Kaligtasa'y sa Panginoon." (Jonas 2:9 KJV)*** Dito si Jonas ay lubos na nagsisi. Siya ngayon ay nagbibigay pasasalamat sa Dios kahit na siya'y nasa tiyan ng malaking isda dahil nakita niya ang kabutihan ng Dios patungo sa Kanya kahit nilisan niya ang Dios.

Ipinahayag din ni Jonas, ***"Aking tutuparin yaong aking ipinanata. Ang kaligtasan ay sa PANGINOON."*** Nagdesisyon si Jonas at muli niya ipinangako ang kanyang sarili na susunod sa Dios at magsisimulang muli maglingkod sa Kanya at tuparin ang kanyang panata at ang kanyang ipinangako sa Dios.

Ipinahayag din ni Jonas, ***Kaligtasan ay sa PANGINOON***. Alam ni Jonas na ang kanyang kaligtasan ay nasa panganib sapagkat siya'y sumuway sa Dios at hindi ginawa ang kanyang ministerio at ang misyon na sinabi sa kanya ng Dios na gawin. Totoo, kapag ikaw ay lumayo sa Dios at tumigil sa paglilingkod sa Kanya at tumigil sa misyon na ipinagkatiwala sa iyo sa gayon mawawalan ka ng kaligtasan, ngunit kapag ikaw ay nagsisi at bumalik sa Kanya at magsimulang maglingkod sa Kanya ang iyong kaligtasan at ang plano ng Dios na mayroon para sayo ay manunumbalik.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Tunay na si Jonas ay nagsisi gaya ng kanyang ipinangako sa Diyos at sinabi, ***"Aking tutuparin ang aking ipinanata." (Jonas 2:9 KJV)*** Sa gayon, nang si Jonas ay nagsisi at nangako sa Dios upang gawin ang mabuti ng kanyang ipinanata at bumalik upang maglingkod sa Dios, ang Panginoon ay pinaginhawa siya gaya ng Kanyang sinalita sa isda at iniluwa si Jonas sa tuyong lupa na walang tubig. ***"10 At ang Panginoon ay nagsalita sa isda, at iniluwa si Jonas sa tuyong lupa." (Jonas 2:10 KJV)***

Ang kagaya sa iyo, kung ikaw ay sumuway sa Dios, kung ikaw ay sumira sa iyong panata sa Dios, at hindi ginawa ang sinabi Niya sa iyo na gawin, sa gayon kailangan mong magsisi, manalangin at mag ayuno sa Panginoon at ipangakong muli ang iyong buhay sa Kanya upang gawin kung ano ang sinabi Niya sa iyo na gawin, upang ikaw ay guminhawa.

Kung ikaw ay dumadaan sa mga pakikibaka at kahirapan gaya ng pagsubok na pinagdaanan ni Jonas, sa gayon ilagay sa iyong isip na ang Panginoon ay hindi ka pagiginhawain hangga't hindi ka nagsisisi at ang pagsubok ay magpapatuloy hanggang ikaw ay magsisi at isuko ang iyong kalooban ng lubos sa Dios.

Huwag magmataas at huwag hayaan ang iyong pagmamalaki na pamahalaan ka, ngunit sa halip magpakumbaba, magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan, magsisi sa paggawa ng iyong sariling kalooban; ang katapusan ng iyong paghihirap na iyong pinagdaraanan ay nasa iyong kamay upang baligtarin ang daan na ang gagawin mong desisyon ay mabuti sa Dios, at tama sa pagbabalik sa Kanyang simbahan at bumalik sa minsiterio na sinabi Niya sa iyo upang gawin, at bumalik upang tuparin ang lahat ng iyong panata at lahat ng iyong ipinangako mo ang iyong sarili upang gawin para sa Kanya.

Umupo sa Dios, manalangin at magayuno, isulat ang lahat ng iyong mga kasalanan, at ang lahat na ikaw ay nabigo upang gawin para sa Dios at magsisi mula sa ganoong mga kasalanan, upang ang Panginoon ay magkaroon ng kaawaan sayo, patawarin ka, at panumbalikan ka sa mabuting plano na mayroon Siya para sayo.

Ang Panginoon ay tinatawag tayo bilang simbahan upang magkaroon ng banal na pamumuhay, magsisisi sa ating mga kasalanan at sa ating pansariling ginagawa, at upang ibigay ang ating sarili, sa pamamagitan ng pananalangin at pagaayuno, ganap sa Kanya upang maging isang kasangkapan ng katuwiran upang mabuhay para sa Kanya at magpatuloy at maglingkod sa Kanya. Ang Dios, ang Banal na Espiritu ay tinatawag tayo upang abutin ang bagong mga lugar at bagong bayan ng mabuting balita ni Jesus at ng Salita ng Dios at kailangan nating ibigay ng ganap upang gawin ang lahat ng iyon para sa Dios at para sa Kanyang kaluwalhatian.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus at nabuhay mula sa patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.*

*Ipagtapat ngayon ang iyong mga kasalanan sa Panginoon. Ngayon talikuran lahat ng maling mga hakbang at desisyon na iyong ginawa laban sa Salita ng Dios at sa kalooban ng Dios. Talikuran ang paggawa ng iyong sariling kalooban, at paggawa ng mga bagay labag sa Kanyang kalooban. Talikuran ang kasalanan ng pagibig sa sanglibutan, ang iyong pagmamalaki at pagmamataas. Talikuran ang pagibig sa salapi, talikuran ang iyong sama ng loob, at iyong walang kapatawaran. Magsisi sa pagsira sa iyong tipan sa Dios alang alang sa makamundong mga bagay, kagaya ng edukasyon, pandarayuhan, alang alang sa pagaasawa, o estilo ng buhay na nais mo na isabuhay at gawin ang iyong pansarili. Magsisi sa iyong kasalanan sa pagsira ng iyong mga panata at pangako sa Dios.*

*Magsisi sa lahat ng gayon at ilaang muli ang iyong sarili upang maglingkod sa Kanya at magpatuloy sa direksyon na nais Niya sa iyo upang pumunta.*

*Panginoon, ako'y umiiyak dahil sa aking pagdadalamhati, dinggin ako O Dios; mula sa tiyan ng Sheol ako'y sumigaw, At iyong dininig ang aking tinig. O Panginoon. Sapagka't inihagis mo ako sa kalaliman, sa gitna ng dagat, At ang tubig ay nasa palibot ko; Ang lahat ng iyong alon at lahat ng iyong malaking alon ay umaapaw sa akin. Panginoon, Ako'y inihagis mula sa harap ng iyong mga mata; gayon ma'y titingin ako uli sa iyo at sa iyong banal na templo. Kinukulong ako ng tubig sa palibot hanggang sa kaluluwa; Ang kalaliman ay nasa palibot ko; Ang mga damong dagat ay pumilipit sa aking ulo. Ako'y bumaba sa mga kaibaibabaan ng mga bundok; Ang lupa sangpu ng kaniyang halang ay tumakip sa akin magpakailan man: Gayon may isinampa mo ang aking buhay mula sa hukay, Oh Panginoon kong Dios. Nang ang aking kaluluwa ay nanglupaypay sa loob ko; naaalaala ko ang Panginoon; At ang aking dalangin ay umabot sa loob ng iyong banal na templo. Ang nagsisilingap ng mga walang kabuluhang magdaraya iniiwan ang kanilang sariling kaawaan. Nguni't ako'y maghahain sa iyo ng tinig ng pasasalamat; Panginoon aking tutuparin yaong aking ipinanata. Kaligtasan ay sa Panginoon. Panginoon magsalita ka at kunin mo ako mula sa pagsubok na ito na aking pinagdaraanan sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon dalangin ko para sa aking mga Kapatiran na nagsisi at bumalik sa iyo, Panginoon kaawaan mo sila at magsalita ka Panginoon at alisin mo sila sa pagsubok na sila'y naroroon. Panginoon panumbalikin mo sila sa iyong mabuting plano na mayroon ka para sa kanila. Panginoon dalangin ko na ipasakop nila ang kanilang mga sarili ng ganap sa iyo at magsimulang magparami ng bunga ng Banal na Espiritu na nais mong makita sa kanilang mga buhay, at bunga ng bagong mga kaluluwa na kanilang dadalhin sayo.*

*Panginoon aming ipinangako ang aming sarili bilang simbahan upang manalangin at mag ayuno na ikaw ang magbubukas para sa amin ng bagong mga larangan ng misyon, at isang bagong misyonaryo ng paglalakbay na sisimulan, bagong mga manggagawa na tatawagin at itatalaga para sa bagong gawain mo. Panginoon aming ipinangako ang aming mga sarili na pumunta saan man mo ipadala kami. Panginoon puspusin kaming muli iyong Banal na Espiritu, Panginoon protektahan kami, at ibigay ang para sa amin at paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan ng simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain at ilayo kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ni Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf

Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.